Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 7-1-99

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-16 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO.................................... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr................................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.................................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison...................................... Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon..................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas..................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca...................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan...................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.................................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor................................. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Florencio C. Odejar.................................. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 134-T'99

KAPASIYAHANG PINAHIHINTULUTAN ANG SANGGUNIANG BARANGAY NG CALLIOS NA MAKAPAGDAGDAG NG PAHULOG SA BARANGAY HALL NG CALLIOS SA BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 33-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Callios ay kanilang hiniling sa Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Bayan na pahintulutan silang makapagdagdag ng pahulog sa Barangay Hall ng Callios, bayang ito;

SAPAGKA'T, matapos ang pagtalakay at malaman ang kabutihang maidudulot nito sa kaluwagan sa pagkilos at silbing lagayan ng mga gamit ng barangay ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Inpraestraktura na irekomenda ang pagbibigay-pahintulot sa Sangguniang Barangay ng Callios na makapagdagdag ng pahulog sa kanilang Barangay Hall;

SAPAGKA'T, ang pondong gagamitin sa naturang pagawain ay manggagaling sa pondo ng Barangay Callios;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pahintulutan ang Sang. Brgy. ng Callios na makapagdagdag ng pahulog sa Barangay Hall ng Callios sa bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Callios, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE:

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan